

ANG SINTAKS AT SEMANTIKS NG MGA BERBAL NA SALITANG-UGAT SA WIKANG FILIPINO

Ernesto A. Constantino

1. Layunin

Ang lektyur na ito ay isang pag-aaral tungkol sa sintaks at semantiks ng mga berbal na salitang-ugat o BSU sa wikang Filipino¹ na ginagamit sa mga sentens na walang apiks o panlapi. Isang bago o naiibang analisis at pagsasaayos na mga salitang ito ang aking ipapakita na sa aking paniwala ay magbibigay ng mas maayos at mas simpleng analisis ng mga salitang ito at ganoon din ng mga sentens sa wikang Filipino.

2. Saklaw

Ang analisis na didiskasin ko sa lektyur na ito ay tungkol sa mga BSU na ginagamit bilang predikeyt o sentro ng predikeyt ng mga simpleng sitwasyunal na sentens na hindi imperatib.² Narito ang apat na halimbawa ng mga sentens na ito mula sa Lee (1981a).³

- (1) **Hirap si Monica kay Tato.** (p.3)
- (2) **Buntis ho siya?** (p.13)
- (3) **Dala ni Cynthia ang kotse niya e.** (p.47)
- (4) **Tulog na si Jake.** (p.79)

Pansinin na ang bawat BSU sa apat na sentens sa itaas ay maaaring palitan ng mismong BSU na sinamahan ng berbal na panlapi ng walang pagbabago sa gramatikal na istruktura ng sentens.

- (1a) **Nahirapan si Monica kay Tato.**
- (2a) **Nabuntis ho siya?**
- (3a) **Dinala ni Cynthia ang kotse e.**
- (4a) **Natulog na si Jake.**

3. Mga Unang Analisis

Bago ko diskasin ang aking analisis ng mga nasabing BSU ibibigay ko muna ang mga unang analisis ng mga BSU na ito na aking natagpuan sa mga pag-aaral ng wikang Tagalog.⁴ Anim na magkakaibang analisis ang aking natagpuan sa mga pag-aaral ng wikang ito mula kay San Jose (1610) hanggang sa kasalukuyan. Narito ang anim na analisis kasama ang mga kotesyon na nagpapahayag ng mga analisis.

- (a) Analisis 1. Ang mga BSU (na nasa predikeyt ng ng mga simpleng sitwasyunal na sentens na hindi imperatib) ay mga berb.

Acera de lo cual se ha de notar, que en verbos que dicen destrucción, o corrupción, para decir aquella cosa, ya así destruida; en término que (dixera el filosofo) destrucciones, y no según que se va destruyendo,... usan de la raíz sola, y sencilla (San José' 1832:499-500).⁵

Verbs of the **ma** class, especially those which denote destruction, are used in the root form to indicate a present state, usually one in which the action of the verb has reached its completion, e.g.,

sonóg	'is burnt.'
sirà	'is destroyed'
patáy	'is dead'
tápus	'is finished'
yári	'is ready' (Blake 1925:58)

Son pocos las raíces que en tagalog tienen por si solas fuerza de verbos; pero varias las hay que ordinariamente se usan en imperativo paea dae mayoe energia a la espresión; y otras hay que, sin variación, se usan en todos tiempos, poniendo el agente en nominativo o genetivo, según lo pida la raíz (Serrano Laktaw 1929:77-78).

- (b) Analisis 2. Ang mga BSU ay mga adjektib.

Tambien se expresa este estado [sitio o postura] con la raíz sola de los verbos de destrucción que van por esta especie [pasiva de an con ma]. En este caso la raíz sola es adjetivo.

Ya está muerto.	Patay na siyá.
Ya está podrido el pescado.	Bulóc na ang isda.
Ya está malo el dulce.	Sirâ na ang matamis.
Ya están secas las plantas.	Tuyô na ang mga halaman.
Ya está quebrado el espejo.	Baság na ang salamin.

(Hevia Campomanes 1930:197).

... Unaffixed adjectives... include no prefixes or suffixes in their formation. They fall into two major subclasses. The first of these subclasses consist of the unaffixed adjectives that lack inherently long vowels ... and are related to nouns and/or verb bases with an inherently long vowel in the penultimate syllable... Some examples are:

Adjective	Noun and/or Verb Base
Ayos /'ayos/ 'arranged'	/'a.yos/ 'arrange(ment)'
bali /balí/ 'fractured'	/ba.lí/ 'fracture'
basag /basag/ 'broken'	/ba.sag/ 'break'
buhay /buhay/ 'living'	/bu.hay/ 'life'

(Schachter at Otnes 1972:196)

(c) Analisis 3. Ang mga BSU ay mga Nawn.

... Tagalog also has a great many forms that occur both as verb bases and as nouns. Thus the base of the verb **gumawa** 'maké occurs as the noun **gawa** 'something madé and the base of the verb **magtrabaho** '(to) work' occurs as the noun **trabaho** 'work'... [T]he noun **gawa** may occur in predicate position, as in **Gawa ni Pedro iyon** "That's something Pedro made" ... [N]ouns that also occur as verb bases generally express an object or product of the activity expressed by the related verb, as the noun **gawa** expresses an object or product of the verb **gumawa**. (Schachter at Otnes 1972:168).

(d) Analisis 4. Ang mga BSU ay may kahulugan ng nawn o ng berb, pero wala silang anumang anyo na nagsasabing sila ay nawn o berb.

If we take the Philippine action - word in its radical shape, that is divested of all affixes, we find that it consists, as a rule, of two syllables as, for instance, Tagalog IBIG, wish, desire, HANAP, search. These two syllables, which constitute what is generally called the radical word or stem, convey the

meaning they express in a way about as indefinite as do the English equivalents 'desiré and 'search', which for all they tell us, if taken by themselves, may mean 'the desiré and 'the search', or ' to desiré and 'to search', in other words, they have the meaning of a noun or of a verb. In accordance with this vagueness of meaning is the formlessness of such radical words. They bear no sign that would permit us to set down such a word as either a noun or a verb (Scheerer 1924:6).

(e) Analisis 5. Ang mga BSU ay mga "pandiwari" (sa Ingles, "participle").

Ang mga salitang-ugat na malapandiwa at gumaganap ng pagka-pandiwari, ay karaniwan sa himig na rin ng mga pangungusap na pagkikilala. Mga payák na salitang sa unang tingíy maipa-palagáy o sadyâ nang ipinapalagáy na isang pang-uri, o isang pangngalan, kung súsureing mabuti katutuntunán ng mga tungkulin ng isang pandiwang ginagámpanán, ngunít walá namáng bangháy at di nagbabago sa pagkapayák.

Halimbawáy ang mga salitang *alám*, *aral*, *kaya*, *dalá*, *galing*, *hangó*, *hulog*, *talastas*, atbp. (Surian ng Wikang Pambansa 1950:372).

(f) Analisis 6. Ang mga BSU ay mga "pseudo-verbs" o mga "pekeng berb".

There is a small class of adjectivals in Tagalog which have verb-like meanings, but which, unlike genuine verbs, are incapable of inflection to show variation in aspect ... The members of this class of adjectivals may be called PSEUDO VERBS. The eight Tagalog pseudo-verbs are listed below, together with some of their most common English translation-equivalents.

ayaw /'a.yaw/

kailangan /káila.ngan/

dapat /da.pat/

gusto /gustoh/

ibig /'i.big/

'do(es)n't like (to),
wouldn't like (to)

'need(s) (to), ought to,
must, should'

'ought to, must, should'

'like(s) (to), would

like (to), want(s) (to)

'like(s) (to), would like
(to), want(s) (to)

maaari /máá ri/

nais /náís/

pwede /pwe.deh/

(Schachter at Otones 1972:261).

'can, may, could, might'

'like(s) (to), would

like (to), want(s) (to)'

'can, may, could, might'

Makikita sa mga kotesyon sa itaas na ang mga iba't-ibang analisis ng mga BSU sa mga iba't-ibang pag-aaral, at kahit na sa isang pag-aaral ay maaaring mayroon ding iba't-ibang analisis ang mga BSU. Halimbawa, kila Schachter at Otones (1972), walo sa mga BSU ay inaanalays na mga "pseudo-verbs" (p.261), ang ilan ay mga adjektib (p. 196), at ang mga iba pa ay nawn (p. 168). Sa aking pag-aaral ng mga BSU na aking susunod na didiskasin, hindi ko inasayn ang mga ito sa iba't-ibang grupo ng mga salita ("parts of speech") kundi inasayn ko lahat sa isang grupo lang.

4. Paraan ng Pag-aaral

Ganito ang paraan na ginamit ko sa pag-aaral ng mga BSU sa wikang Filipino.

Una, nagkulekta ako ng mga sentens na may BSU. Karamihan sa mga sentens na ito ay aking kinulekta sa mga popular na magasin at sa dalawang iskrip ng sine na isinulat ni Ricardo Lee (1981a,b). Dinagdagan ko ang mga nakulekta kong BSU sa mga publikasyon ng mga BSU na mula sa aking kaalaman at gamit ng wikang Filipino.

Nang marami na ang aking nakulektang BSU, sinuri ko ang mga sintaktik (i.e. sintagmatik at paradigmatic) at semantik na gamit ng mga BSU sa mga simpleng sitwasyunal na sentens na hindi imperatib. Nakita ko ang mga BSU sa mga nasabing sentens ay maaaring samahan ng mga berbal na panlapi ng walang pagbabago sa gramatikal na istruktura ng mga sentens. Nakita ko rin na ang mga relasyon ng mga BSU sa mga kasamang nawn-preys o NP sa mga sentens ay kapareho ng mga relasyon ng mga BSU na may berbal na panlapi sa mga NP na ito.

Pinagsama-sama ko sa isang grupo ang lahat ng mga BSU na maaaring samahan ng isang partikular na berbal na panlapi pag ginagamit sa predikeyt ng mga nasabing sentens. Ang mga miyembro ng ilan sa mga nabuong grupo ng mga BSU ay aking hinati-hati sa mas maliliit na grupo, o subgrupo, batay sa : una, pagbabago o hindi ng

aksent ng mga BSU; pangalawa, pagkakaroon o hindi ng intensib na anyo (BSU na BSU); at pangatlo, pagkakaroon o hindi ng inuulit na anyo (BSU-BSU).

5. Ang mga Grupo ng mga BSU

Nasa ibaba ang mga labintatlong grupo ng mga BSU. Bawat grupo ay nakikilala sa berbal na panlapi na maaaring isama sa mga BSU sa grupo. Kasunod ng pangalan ng bawat grupo ang pormula na nagpapakita ng istruktura ng sentens na may BSU sa predikeyt. Bawat grupo ay may mga halimbawang BSU at sentens. Sa ngayon, marami pang mga BSU ang hindi ko pa nakukulekta, kayát sa pag-aaral na ito, ilan o isa lamang halimbawa ng bawat grupo o subgrupo ng mga BSU ang aking maibibigay.

(a) Grupo I. (um-)BSU: (um_)BSU + angNP ± saNP

A. Lumipat ang aksent sa huling silabol; may intensib na anyo (BSU na BSU): **kupás**.

(5) **kupás ang damit niyá.**

(5a) **kupás na kupás ang damit niyá.**

Lisa pa lang ang natagpuan kong miyembro ng subgrupong ito.

B. Walang pagbabago sa aksent.

(a) May intensib na anyo: **hangà, handà, bilib.**

(6) **Hangà siyá sa akin.**

(6a) **Hangang-hangà siyá sa akin.**

(b) Walang intensib na anyo: **sukò, bagsák, tumbá, taob.**

(7) **Sukò siyá sa akin.**

(b) Grupo II. (mag-)BSU: (mag-)BSU + angNP + saNP

A. Lumipat ang aksent sa huling silabol; may intensib na anyo: **sawá, hubò, bihis**

(8) **Sawá siyá sa akin.**

(8a) **Sawáng-sawá siyá sa akin.**

B. Walang pagbabago sa aksent; walang intensib na anyo: **hati, hubád, handá, enjáy.**

(9) **Hati tayo sa pagkain.**

(c) Grupo III. (**mang-**)BSU: (**mang-**)BSU + **angNP** $\pm$ **saNP**

Walang pagbabago sa aksent; walang intensib na anyo: **galing**.

(10) **Galing akó sa palengke.**

lisa pa lang ang natagpuan kong miyembro ng grupong ito.

(d) Grupo IV. (**maka-**)BSU: (**maka-**)BSU + **angNP** $\pm$ **saNP**

A. Lumipat ang aksent sa huling silabol : **bayád, bawf, tapós.**

(11) **Bayád na akó.**

B. Walang pagbabago sa aksent: **ligtás, lusót, labás, pasok.**

(12) **Ligtás na akó.**

(e) Grupo V. (**ma-**)BSU: (**ma-**)BSU + **angNP** $\pm$ **sa/ngNP**

A. Lumipat ang aksent sa huling silabol; may intensib na anyo: **galít, tullóg, panís, buháy, suyá.**

B. Walang pagbabago sa aksent; may intensib na anyo; **inís, talo.**

(14) **Inís siyá sa akin.**

(14a) **Inís na inís siyá sa akin.**

(f) Grupo VI. BSU(-in₂): BSU(-in₂) + **angNP** $\pm$ **saNP**

A. Lumipat ang aksent sa huling silabol; may intensib na anyo: **gutóm, uháw, kuláng, kapós.**

(15) **Gutóm siyá.**

(15a) **Gutóm na gutóm siyá.**

Maaaring ituring din ang **gutom** at **uhaw** na mga miyembro ng grupo V.

B. Walang pagbabago sa aksent : **malas, suwerte:**

(16) **Malas siyyyá.**

(16a) **Malas na malas siyaá.**

Dalawa pa lang ang natatagpuan kong mga miyembro ng grupong ito.

(g) Grupo VII. (**ma-an₁**) (BSU + **angNP** $\pm$ **saNP**)

A. Lumipat ang aksent sa huling silabol; may intensib na anyo: **hirráp.**

(17) **Hiráp siyá sa akin.**

(17a) **Hiráp na hiráp siya sa akin.**

Isa pa lang ang aking natagpuang miyembro ng subgrupong ito.

B. Walang pagbabago sa aksent; may intensib na anyo: **ginhawwá.**

(18) **Ginhawa ako rito.**

(18a) **Ginhawang-ginhawá ako rito.**

(h) Grupo VIII. BSU(-in₁) + ngNP + angNP ± saNP

A. May intensib na anyo: **mahál, ibig, talo, lutó.**

(19) **Mahal ko siyá.**

(19a) **Mahál na mahál ko siya.**

B. Walang intensib na anyo.

(a) May inuulit na anyo (BSU-BSU) para sa empasis: **dalá, kargá, hawak, bitbit.**

(20) **Dalá ko ang aking libró.**

(20a) **Dalá-dalá ko ang akin libró.**

(b) Walang inuulit na anyo: **hirám, baon, utang, akalá.**

(21) **Hirám ko ito sa kanyá.**

(i) Grupo IX. (i₁-)BSU: (i₁-)BSU + ngNP + angNP ± saNP

A. May inuulit na anyo para sa empasis: **suót, tula.**

(22) **Suót niyá ang sapatos ko.**

(22a) **Suót-suot niyá ang sapatos ko.**

B. Walang inuulit na anyo: **bigáy, bilin.**

(23) **Bigáy niya itó sa akin.**

(j) Grupo X. (ipag-)BSU: (ipag-)BSU + angNP + saNP + saNP: **bawal**

(24) **Bawal iyán dito.**

(24a) **Bawal na bawal iya;n dito.**

Isa pa lang ang natagpuan kong miyembro ng grupong ito.

Maaari sigurong ituring ang **bawal** na miyembro ng Grupo VIII,

Subgrupo A.

(k) Grupo XI. BSU(-an): BSU(-an) + ngNP + angNP

May inuulit na anyo para sa emphasis: **hawak, tangan.**

(25) **Hawak niyá ang lapis ko.**

(25a) **Hawak -hawak niyá ang lapis ko.**

(l) Grupo XII. (**ma₂**)BSU: (**ma₂**)BSU + angNP

A. Lumapit ang aksent sa huling silabol

(a) May intensib na anyo: **sirá, durôg, punit, gutóm, uháw.**

(26) **Sirá ang bahay niyá.**

(26a) **Siráng-sirá ang bahay niyá.**

(b) Walang intensib na anyo: **piláy, tulf, duling, bulag.**

(27) **Piláy siyá.**

B. Walang pagbabago sa aksent.

(a) May intensib na anyo: **huli, tuyô, basâ, talo, sayang.**

(28) **Huli ka.**

(28a) **Huling-huli ka.**

(b) Walang intensib na anyo: **buntis, damay, sabit, patáy, kita, duling.**

(29) **Buntis, ang asawa niyá.**

(m) Grupo XIII. (**ma-an₂**)BSU: (**ma-an₂**)BSU + angNP

A. Lumipat ang aksent sa huling silabol: **bayád, putól, pingás.**

(30) **Bayád na itó.**

B. Walang pagbabago sa aksent: **kulang, sobra.**

(31) **Kulang itó ng isá.**

Dalawa pa lang ang BSU ang natagpuan kong mga miyembro ng subgrupong ito.

6. Mga Sabjek ng BSU Predikeyt

Pagkatapos na mahati-hati ko ang mga BSU sa labintatlong grupo, tiningnan ko kung anong mga uri ng subject maaaring mayroon ang bawat grupo sa mga simpleng sitwasyunal na sentens. Nakita ko na tatlong uri ng sabjek ang maaaring gamitin sa mga nasabing sentens ng mba BSU sa predikeyt: aktor, gol ("goal") at lokatib.

Sa listahan ng mga grupo ng mga BSU sa itaas, ang mga unang pitong grupo ay may subjek na aktor, ang mga BSU sa Grupo VIII hanggang Grupo XII ay may subjek na gol, at ang huling grupo ay may sajek na lokatib.

Ang mga subjek na ito ay siya ring mga subjek ng mga BSU na sinamahan ng mga berbal na panlapi. At ang mga ibang komplemento ng mga BSU na walang apiks o panlapi ay kapareho rin ng kumplemento ng mga BSU na sinamahan ng mga berbal na apiks,⁶ gaya ng makikita sa mga sumusunod na halimbawa.

(32) **Kupás ang damit niyá.**

(32a) **Kumupás ang damit niyá.**

(33) **Sawâ siyá sa akin.**

(33a) **Nagsawâ siyá sa akin.**

(34) **Galing akó sa palengke.**

(34a) **Nanggaling akó sa palengke.**

(35) **Tapós na ho ang autopsy?**

(35a) **Natapos na ho ba ang autopsy?**

(36) **Galít akó sa iyó.**

(36a) **Nagalit akó sa iyó.**

(37) **Gutóm siyá.**

(37a) **Nagutom siyá.**

(38) **Hiráp siyá sa akin.**

(38a) **Nahirapan siyá sa akin.**

(39) **Mahál ko siyá.**

(39a) **Minahál ko siyá.**

(40) **Suót niyá ang sapatos ko.**

(40a) **Isinuót niyá ang sapatos ko.**

(41) **Bawal iyán dito.**

(41a) **Ipinagbawal iyán dito.**

(42) **Hawak niyá ang lapis ko.**

(42a) **Hinawakan niyá ang lapis ko.**

- (43) **Sirâ ang bahay niyá.**
 (43a) **Nasirâ ang bahay niyá.**
 (44) **Bayád na itó.**
 (44a) **Nabayaran na itó.**

7. Kahulugan ng mga BSU

Sa pangkalahatan, ang kahulugan ng mga BSU ay matatawag na "istatik" na nagsasaad ng kalagayan o kondisyon ng subjek na maaaring permanente o hindi. Mapapansin na ang ilang BSU, gaya ng **sirâ, gutôm, busóg**, atbp., ay may kahulugang kahawig ng kahulugan ng mga adjektib (cf. Schachter at Otnes 1972:196). Sa kabilang dako, may mga ibang BSU, gaya ng **gawâ, hiram, utang**, atbp., na ang kahulugan ay kahawig ng kahulugan ng mga nawn (cf. Schachter at Otnes 1972:168). Pero, gaya ng sinabi ni Scheerer (1924) walang anumang palatandaan sa mga anyo ng mga BSU na nagpapakita kung nawn o berb (o adjektib) ang mga ito. Ang mga sintaktik at semantik na relasyon ng mga BSU sa subjek at sa mga kumplemento sa sentens ang maliwanag na nagpapakita ng pagka-berb ng mga salitang ito. Ang mga relasyon na ito ay tinatawag ding mga relasyon sa keys ("case relations") (cf. Blake 1906).

8. Ang mga BSU sa mga Berbal na Paradim

Batay sa pagsusuri sa itaas tungkol sa mga subjek sintaktik at semantik na relasyon ng mga BSU sa subjek ng sentens na pinaggagamitan ng mga ito at ganoon din sa mga ibang kumplemento sa sentens, dapat at mas mabuti na ituring lahat ng mga BSU na mga berb. Dapat isama ang mga BSU sa mga paradim ng mga berb bilang istatik na anyo ng mga berb. Kung susundin ang analisis na ito, ganito ang mga paradim ng mga berb sa wikang Filipino na may istatik na anyo.⁷

I. **um**-Berb Paradim

Imperatib (Ip.)	humangá
Panghinaharap (Ph)	háhangà
Pagnagdaan (Pn.)	humangà

	Pangkasalukuyan (Pk.)	humáhangà
	Istatik (Is.)	hangà
	Istatik-Intensib (Is.-In.)	hangang-hangà
II.	mag -Berb Paradim	
	Ip.	magsawà
	Ph.	magsdásawà
	Pn.	nagsawà
	Pk.	nagsásawà
	Is.	sawá
	Is.-in	sawang-sawá
III.	mang -Berb Paradim	
	Ip.	manggaling
	Ph.	manggágaling
	Pn.	nanggaling
	Pk.	nanggágaling
	Is.	galing
IV.	maka - Berb Paradim	
	Ip.	makabayad
	Ph.	makákabayad'
	Pn.	nakabayad
	Pk.	nakákabayad
	Is.	bayád
V.	ma₁ -Berb Paradim	
	Ip.	magalit
	Ph.	magágalit
	Pn.	nagalit
	Pk.	nagágalit
	Is.	galít
	Is.-In.	galít na galít

VI. in₂-Verb Paradigm

Ip.	kapusín
Ph.	kákapusin
Pn.	kinapós
Pk.	kinákapos
Is.	kapós
Is.-In.	kapós na kapós

VII. ma-an₁-Verb Paradigm

Ip.	mahirapan
Ph.	mahíhirapan
Pn.	nahirapan
Pk.	nahíhirapan
Is.	hiráp
Is.-In.	hiráp na hiráp

VIII. in₁-Verb Paradigm

Ip.	mahalin
Ph.	mámahalin
Pn.	minahál
Pk.	minámahal
Is.	mahál
Is.-In.	mahál na mahál

IX. ii₁-Verb Paradigm

Ip.	isuót
Ph.	isúsuót
Pn.	isinuót
Pk.	isinúsuót
Is.	suót
Is.-In.	suót-suót

X. **ipag**-Berb Paradim

Ip.	ipagbawal
Ph.	ipagbábawali
Pn.	ipinagbawal
Pk.	ipinagbábawal
Is.	bawal

XI. **an**-Berb Paradim

Ip.	hawakan
Ph.	háhawakan
Pn.	hinawakann
Pk.	hináhawakan
Is.	hawak
Is.-Em.	hawak-hawak

XII. **ma₂**-Berb Paradim

Ip.	masirà
Ph.	masísirà
Pn.	nasirà
Pk.	nasísirà
Is.	sirá
Is.-In.	siráng-sirá
Is.-Em.	sirá-sirá

XIII. **ma-an₂**-Berb Paradim

Ip.	makulangan
Ph.	makúkulangan
Pn.	nakulangan
Pk.	nakúkulangan
Is.	kulang

9. Konklusyon

Sa lektyur na ito, sinuri ko ang mga sintaktik at semantik na gamit ng mga BSU sa mga simpleng sitwasyunal na sentens na hindi imperatib sa wikang Filipino. Nakikita ko na ang mga gamit ng mga BSU sa mga nasabing sentens ay kapareho ng mga gamit ng mga mismong BSU na may berbal na panlapi, ang tinatawag na mga berb. Dahil dito, itinuring ko ang mga BSU na walang berbal na panlapi na berb din na nagrerepresent ng isang anyo ng mga berb sa paradim ng mga berb. Nariniwala ako na ang analisis na ito ng mga BSU ay may sapat at matatag na batayan sa sintaks at semantiks ng wikang Filipino (at ganoon din ng mga ibang katutubong wika sa Pilipinas), gaya ng ipinakita ko sa itaas. Naipakita sa analisis na ito ang pagsasama-sama ng mga BSU sa isang klasipikasyon o isang grupo ng mga salita. Naipakita rin dito ang wastong lugar at tungkulin ng mga BSU sa grammar ng wikang Filipino.

Ang pag-aaral na ito ay kailangang sundan ng pag-aaral ng mga BSU sa mga ibang posisyon sa sentens para makumpleto ang pag-aaral ng mga BSU at para rin matiyak ang kaigihan ng analisis na ginawa rito.

MGA NOWTS

1. Di-kapanipaniwala sa marami na ang wikang Filipino ay puwedeng gamitin sa pagsulat ng lektyur na tulad nito. Hindi pa raw "naipanganak" ang wikang ito, at wala pa ito dahil bubuuin pa. Pero sa Unibersidad ng Pilipinas, matagal nang ginagamit ang wikang ito sa pagtuturo at pagsusulat, at noong 1973 kinilala ito bilang wikang panbansa ng Pilipinas.
2. Tingnan sa Constantino (1965) ang istruktura ng mga sentens na ito.
3. Ang mga sentens sa iskrip na ito na may BSU ay nasa APENDIKS.
4. Sa mga wika sa Pilipinas, pinakamalapit ang anyo ng Tagalog sa wikang Filipino.
5. Ang unang edisyon nito ay lumabas noong 1610 sa Bataan.
6. Sa pag-aaral na ito hindi ko sinuri kung anong mga uri ng kumplemento na hindi gumaganap bilang subjek ang mayroon ang bawat grupo ng mga BSU. Dahil dito,

hindi ko rin sinuri ang mga relasyon ng mga BSU sa mga kumplementong ito. Gayunpaman, naniniwala ako na ang mga kumplemento ng mga BSU na walang berbal na panlapi at may berbal na panlapi ay magkapareho.

7. Hindi kasama sa mga paradim dito ang mga iba pang anyo ng mga berb, gaya ng imperatib, ng BSU **nang** BSU (patuloy), at **KaC₁V₁**-BSU (katatapos). Maaaring ituloy ang analisis na ito sa pagsasama ng adjektib at nawn sa mga paradim ng mga berb, gaya sa mga sumusunod na halimbawa.

(a)		Ip.	Pumayát
	Ph		pápayat
	Pn.		pumayát
	Pk.		pumápayat
	Is.		payát
		Is.-In.	payát na payát
(b)		Ip.	gumandá
	Ph		gáganda
	Pn.		gumandá
	Pk.		gumáganda
	Is.		magandá
		Is.-In.	magandáng-magandá
(c)		Ip.	magduktór
	Ph		magdúduktor
	Pn.		nagduktór
	Pk.		nagdúduktor
	Is.		duktór

BIBLIOGRAPI

- Blake, Frank R. 1925. *A Grammar of the Tagalog Language*. New Haven, Conn.: American Oriental Society.
- _____. 1906. Expression of Case by the Verbs in Tagalog. *Journal of American Oriental Society* 7: 183-189.
- Bloomfield, Leonard. 1917. *Tagalog Texts with Grammatical Analysis*. 3 vols. University of Illinois Studies in Language and Literature. Urbana, Illinois.
- Brandstetter, Renward. 1916. *An Introduction to Indonesian Linguistics*. Translated by C.O. Blagden. London: Royal Asiatic Society.
- Capell, Arthur. 1964. Verbal Systems in Philippine Languages. *The Philippine Journal of Science* 93(2):231-240.
- Comrie, Bernard. 1981. *Language Universals and Linguistic Typology. Syntax and Morphology*. Chicago: University of Chicago Press.
- Constantino, Ernesto. 1965. The Sentence Patterns of Twenty-Six Philippine languages. *Lingua* 15:71-124.
- _____. 1972. The Deep Structures of the Philippine Languages. *The Archive* 1(2):67-79.
- Constenoble, H. 1937. The Philippine Verb. *Philippine Magazine* 34(4):169-170, 180.
- Guzman, Videa P. de. 1976. *Syntactic Derivation of Tagalog Verbs*. Honolulu: The University of Hawaii Press.
- Hevia Campomanes, Jose. 1930. *Lecciones de Gramática Hispano-Tagala*. Duodécima Primera Edición. Manila: Tip. de la Univ. de Sto. Tomas.
- Lee, Ricardo. 1981a. *Brutal*. Mandaluyong, Metro Manila: Cine Gang kasama ng Country Publishing.
- _____. 1981b. *Salome*. Mandaluyong, Metro Manila: Cine Gang kasama ng Country Publishing.
- Lopez, Cecilio. 1941. *A Manual of The Philippine National Language*. Manila. Bureau of Printing.

- _____. 1977. Preliminary Study of the Affixes of Tagalog. In *Selected Writings of Cecilio Lopez in Philippine Linguistics*, edited by Ernesto Constantino, pp. 28-104. Quezon City.
- Mackinlay, W.E.W. 1905. *A Handbook and Grammar of the Tagalog Language*. Washington.
- Ramos, Teresita V. 1971. *Makabagong Balarila ng Filipino*. Ernesto Constantino, editor. *Isinalin at isinaayos nina Maxima N. Jorda at Lydia F. Gonzales*. Manila: Rex Book Store.
- _____. 1974. *The Case System of Tagalog Verbs*. Pacific Linguistics Series B, No. 27. Canberra: The Australian National University.
- San Jose', Francisco de. 1832. *Arte y Regla de la Lengua Tagala*. 3rd ed. Manila: Imprenta Nueva de Don Jose' Ma. Dayot.
- Schachter, Paul at Otones, Fe T. 1972. *Tagalog Reference Grammar*. Berkeley, Los Angeles, London: University of California Press.
- Scheerer, Otto. 1924. *On The Essential Difference Between the Verbs of the European and Philippine Languages*.
- Philippine Journal of Education* 7(3,4): 1-10.
- Serrano Laktaw, Pedro. 1929. *Estudios gramaticales sobre de lengua tagalog*. (Obra Postuma) Manila: Imprenta de Juan Fajardo.
- Stofell, Joseph. 1959. *The Nature of the Visayan Verb*. *Philippine Studies* 7:283-294.
- Surián ng Wikang Pambansa. 1950. *Balarila ng Wikang Pambansa*. Manila: Kawanihan ng Pálimbagan.
- Totanes, Sebastián de. 1950. *Arte de la Lengua Tagala, y Manual Tagalog*. Manila. Tipográfico del Colegio de Sto. Tomas.

APENDIKS

MGA SENTENS NA MAY BERBAL NA SALITANG-UGAT (BSU) (Mula sa Ricardo Lee, 1981, Brutal)

1. Ambisyon ni Cynthia na mapabilang sa mayamang social circle ni Jake. (p.2)
2. Hirap si Monica kay Tato. (p.3)
3. Para siyang patay. (p.9)
4. Tapos na po ba ang autopsy ? (p.12)
5. Mag-iisang buwan pa lang silang kasal ng asawa niya. (p.12)
6. Ayaw niyang magsalita. (p.13)
7. Buntis ho siya ? (p.13)
8. Sabi ninyóy isang buwan pa lang silang kasal ? (p.13)
9. Akala mo tuloy ay nalipat ang isang bahagi ng bahay nila sa ospital. (p.14)
10. Puwede bang iwan mo muna kami sandali ? (p.18)
11. Gusto kong magsulat tungkol sa 'yo. (p.18)
12. Parang wala na uli si Monica. (p.19)
13. Enjoy ka naman sa ganyan, di ba ? (p.21)
14. Sawa na 'kong kasusulat tungkol sa fashion. (p.21)
15. Hati tayo sa renta ng apartment, at hati tayo dito sa trabaho sa bahay. (p.23)
16. Sawa na 'kong tuwing MWF e luto ko ang pinagtitiyagaan ko. (p.23)
17. Akala namin di na talaga makakapagsalita. (p.25)
18. Halatang mag-isa lang ang nakatira sa apartment. (p.28)

19. Nakatayo si Clara sa may pinto, hawak-hawak ang tape recorder niya, di malaman kung saan pupuwesto. (p.28)
20. Pag sira ang telepono, sira rin ako. (p.29)
21. Maski nasa banyo ako, akala mo nakakabit ang wires ng telepono sa ulo ko. (p.29)
22. Teka, teka, akala mo ba si Monica ang pag-uusapan natin ? (p.31)
23. Ba't ayaw mong magpakita kay Monica...?
24. Anong palagay mo kay Monica ?
25. Pilit ibinababa ni Cynthia ang kanyang neckline, na sobrang mataas. (p.32)
26. Lahat sa kanya e puro bawal. (p.32)
27. Hoy, Monica - sabi ko sa kanya - galit ako noon. (p.32)
28. Kaya lahat ng alam ko, galing sa nanay. (p.37)
29. Takot na takot na papasok ng bahay si Monica. (p.39)
30. Hindi ko ho kilala 'yung lalaki! (p.39)
31. Alam mo bang lately e sunud-sunod na naman ang mga dates ko? (p.40)
32. Talo pa nitong si Balgas ang tranquilizer. (p.42)
33. Kita mo na! (p.42)
34. Kalat na kalat na sa campus 'yan e. (p.42)
35. Bagay sa iyo dahil para kang dagang laging takot! (p.43)
36. Pwede ba yung ayoko? (p.43)
37. Dancing class at turn ni Monica para magdemonstrate ng saya pero hirap siya dahil nahihiya. (p.47)
38. Dala ni Cynthia ang kotse niya e. (p.47)
39. Ang alam ko, ang hilig n'on malalaking suso. (p.48)

40. Class na class ang suot nito. (p.49)
41. Bawal daw ang maglakad ngayon. (p.53)
42. Saan mo gusto? (p.55)
43. Ba't ba takot na takot ka sa akin? (p.55)
44. Ano bang kailangan mo sa 'kin? (p.55)
45. Tapos na ang lahat. (p.59)
46. Galit na uulong si Monica. (p.61)
47. Mahal kita, Monica. (p.63)
48. Karga-karga ni Tato si Monica. (p.66)
49. Palagay kóy tama ako. (p.74)
50. Ibig mong sabihin....(p.78)
51. Inip na maghihintay si Clara. (p.78)
52. Tulog na si Jake. (p.79)
53. Galit na papasok si Clara. (p.79)
54. Sayang ho ang pagkakataong ito! (p.89)
55. Inis na aalis si Clara. (p.89)
56. Hawak-hawak ni Monica ang rosaryo. (p.89)
57. Para na siyang patay. (p.103)
58. Payat na payat, lubog ang mga mata, humpak ang mga pisngi, di nagbibihis, gulo ang buhok, at walang salamin. (p.103)
59. Halos hubad silang lahat. (p.104)
60. Gipit ako noon. (p.105)